| Aralin 3 | الدرس الثالث |
|---|---|

## 3. Tawhíd al-Asmá' wa as-Sifát o Kaisahan sa mga Pangalan at Katangian

Ang Tawhíd al-Asmá' wa as-Sifát ay ang paniniwala sa pamumukod-tangi ni Allah sa anumang ipinangalan Niya at sa anumang ipinanla-rawan Niya sa Kanyang sarili [na nasasaad sa Qur'an], o sa anumang ipinangalan ng Sugo Niya (SAS)[1] sa Kanya at sa anumang ipinanla-larawan nito sa Kanya [na nasasaad sa Hadíth][2] at ang pagkikilala sa mga ito sa paraang naaangkop sa kadakilaan Niya nang walang *tahríf* (pagpapalit ng kahulugan), walang *ta'tíl* (pag-aalis ng kahulugan), walang *takyíf* (paglalarawan ng kahulugan), at walang tamthíl (pag-hahalintulad), ayon sa tunay na kahulugan ng mga ito, hindi ayon sa kahulugang patalinhaga. Ang halimbawa nito ay na si Allah ay nagpangalan sa Kanyang sarili ng *al-Hayy* (ang Nabubuhay), kaya naman tungkulin nating maniwala na ang *al-Hayy* (ang Nabubuhay) ay isa sa mga pangalan ni Allah at tungkulin din nating maniwala sa anumang katangiang nilalaman ng pangalang ito at iyon ay ang ganap na buhay na hindi naunahan ng kawalang-buhay at hindi susundan ng pagkalipol. Pinangalanan ni Allah ang sarili Niya na *as-Samí'* (ang Nakaririnig) kaya tungkulin nating maniwala na ang *as-Samí'* ay isa sa mga pangalan Niya, na ang pagdinig ay isa sa mga katangian Niya, at na Siya ay Nakaririnig.

---

[1] (SAS): **S**allalláhu **'A**layhi wa **S**allam: Basbasan at pangalagaan siya ni Allah. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

[2] Ang Hadíth ay ang ulat hinggil sa Sunnah ng Propeta Muhammad (SAS). Ang Sunnah ay kung ano ang sinabi, ang ginawa at ang sinang-ayunan ng Propeta Muhammad (SAS).